Titulo VI

Ang Titulo VI ng Batas ukol sa Mga Karapatang Sibil ng Taong 1964 ay nagbabawal ng diskriminasyon o pagkakatang-tangi batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan, sa mga programa at aktibidades na tumatanggap ng mga tulong pinansyal mula sa pamahalaang pederal. Katangi-tangi, and Titulo VI ay nagsasaad na, "walang sinumang mamamayan sa Estados Unidos batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan, ang pagkakaitan ng karapatang makilahok, pagkakailaan ng mga benepisyo, o isasailalim sa diskriminasyon o pagkakatangi-tangi, sa ilalim ng anumang programa at gawain na tumatanggap ng tulong pananalapi mula sa pamahalaang pederal" (42 U.S.C. Section 2000d).

Ang Tanggapan ng Tagapamahala ng Transportasyon ng Commonwealth (Commonwealth Office of Transit Authority o COTA) ay nakatuon sa pagtitiyak na walang taong ihihiwalay mula sa pakikilahok o tanggihan ng mga benepisyo ng mga serbisyo nito sa pagbibiyahe o transportasyon, base sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan, alinsunud sa proteksyon nakasaad sa Titulo VI ng Federal Transit Administration (FTA) Circular 4702.1B. Kung sa palagay ninyo na kayo ay tinanggihan sa pakikilahok o ipinagkaitan ng mga benepisyo ng mga serbisyo ng paghahatid na ibinigay ng Commonwealth Office of Transit Authority, o di kaya'y nakaranas ng diskriminasyon o pagkakatangi-tangi dahil sa inyong lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan, maaari kayong makipag-ugnayan kay:

Mr.Juan Diego B. Songsong, Title VI Coordinator
Tanggapan ng Tagapamahala ng Transpotasyon ng Commonwealth
(Commonwealth Office of Transit Authority/COTA)
2nd Floor, Unit 216, Marianas Business Plaza
Susupe
Caller Box 10007, Saipan, MP 96950
Tel: (670) 664-2682
Fax: (670) 664-2692
Email: diego.songsong@gov.mp

Para sa mga karagdagang impormasyon, bisitahin ang
www.cota.gov.mp